Magasin ng BAGONG Buhay

Linggo, Hunyo 10, 1951

INIHAHANDOG NG

LVN

# TALISMAN

PINANGUNGUNAHAN NINA

**ARMANDO GOYENA • TESSIE QUINTANA**

KABITUIN SI **TONY SANTOS**

KASAMA SINA
FRANKIE GORDON
EUSEBIO GOMEZ
GIL DE LEON
NELA ALVAREZ
ELENA ACOSTA

KASAYSAYAN : NEMESIO E. CARAVANA
TUGTUGIN : F. BUENCAMINO, SR. & JR.



PINAMAMAHALAAN NI
**ENRIQUE JARLEGO**

DALISAY -- HUNYO 16 - 25

# Masarap na Pagkain, Kasiyahan ng Mag-anak!




Matalino ang isang maybahay kung siya'y makapaghahanda ng masarap at masustansiyang pagkain sa kaunting gugulin lamang. Libu-libong maybahay sa Pilipinas ay matalino sa kanilong paraan. Sapagka't Purico ang kanilang ginagamit. Sa Purico ay napalilitaw ang lahat ng kanais-nais na lasa sa pagkain... at totoong matipid gamitin!

*"Talagang masarap itong GULAY NA MAY SALSA. Alam naming luto ito sa Purico!" Nasisiyahang sambit ni Eusty at Jerry. Si Gng. Conchita Eustaquio-Guzman at si Myrna ay maligayang-maligaya.*



**Major Domingo S. Guzman at mag-anak**
**Marikina, Rizal**

*Wika ni Purita:*
*"Tiyaking Purico nga ang inyong nakuha. Bilhin ang nasa karton nito!"*

## "Vegetable Potpourri"

- 1 kilong vitsuelas (strap beans)
- ¼ tasang murang dahon ng sibuyas
- ¼ kilong repolyo
- 1 malaking sibuyas, pinag-apat
- 2 tasang nilagang laman ng manok, maliliit ang hiwa
- 1-] tasang sabaw ng nilagang manok
- 1 latang maliit ng kabute
- 3 itlog, nilaga, pinag-apat
- 1 kutsaritang arinang mais toyo at asukal, panintpla Purico

Hugasang mainam ang vitsuelas bago hiwain nang pahalang. Hiwa-hiwain ng maliit ang repolyo at hugasan. Hugasan din ang dahon ng sibuyas. Laesan ng kumulong tubig ang kabute at pagkatapos ay alisin muli.

Isiva ang sibuyas, ilagay ang manok at kabute. Timplahan ng toyo. Ihulog ang vitsuelas, pagkatapos ang dahon ng sibuyas. Sabawan ng kalahati ng sabaw ng manok at pakuluan ng 2 o 3 minuto. Ilagay ang repolyo. Sa natitirang sabaw ay ilagay ang asukal bago ibuhos. Ang tinubigang mais ay ilagay. Haluin. Lutuin pa hanggang maging higit nang kaunti sa malasado. Ilagay sa bandehado at palamutian ng mga hiwa ng itlog.

Panahon ng paghahanda: 45 minuto
Tinatayang halaga : P2.50
Maidudulot sa : 12

—galing kay Remedios R. Rosales
Barrio Emmanuel, Cuenca
Batangas




*Always Pure! Always Rich!*

Ipadala ang inyong lutuin kay Purita, c/o Dept. S. P. O. Box 302, Maynila. Ang malalathalang lutuin ay pagkakalooban ng handog. Ang takip ng karton ay maaaring ipalit ng nalathalang lutuin.

Mga larawang kuha ni BEN ROXAS


# Kasaysayan Ng Isang Balita




MARAMI ang hindi pa nakatatalos kung paano nayayari ang isang balita at kung paano nalilimbag ito sa pahayagan. At sa ikasisiya ng madla, lalo na ni "Mister Usisa" na di na miminsang nagtanong sa "*Bagong Buhay*" hinggil sa bagay na iyan, ay inilalarawan dito ang "kasaysayan ng isang balita" — na bagama't batay sa katotohanan ay parang nahahawig sa isang kuwento. Naito:


Isang hapon ay kumuliling ang telepono ng "*Bagong Buhay*." Nang sagutin ni "Mr. Reporter" ay nanlaki ang kanyang mga mata at parang hindi makapaniwala. Pamayamaya'y mabilis na kumilos... at di nag-ilang sandali ay patakbong umalis na kasama ang tagakuhang-larawan...


**May naganap palang isang sakuna na maituturing na isang malaking balita. Habang itinatala ni "Mr. Reporter" ang kabuuan ng mga pangyayari, si "Mr. Photographer" naman ay umayos sa isang mainam na puwesto upang kunan ng larawan ang "malaking balita."**





**Kapagkarakang makopya ang larawan ay dinala sa "photo engraving department" upang maisalin sa klitse (itaas). Samantala'y madaling nagbalik sa pasulatan si "Mr Reporter" (kanan) at sinulat ang balita. Pinakakaingatan niyang huwag makaligtaang sulatin ang mahahalagang tala ng pangyayari, at maging ang buhok na nagulo ay di na maalalang suklayin.**





**Matapos basahin nang pahapyaw ang sinulat niyang balita, tila nagmamagaling pang lumapit si "Mr .Reporter" kay "Tsip Editor". ..."Magaling!" ang wika ng huli, at inayos ang ilang kamalian sa pagkakasulat. Pagkatapos ay dinala na sa "linotype department" (larawan sa gitna) upang malinotipya. Matapos kunan ng pruweba ay dinala naman kay "Mr. Proofreader" upang makorehe (kanan). Pinakakaingatan niya ang pagbasa upang makitang lahat ang mali, bagama't hindi maiwasang may nakalalagpas din sa kanyang paningin.**

(TINGNAN ANG KABILANG PAHINA)

## Kasaysayan Ng Isang Balita (karugtong)




Sumunod ang pahinasyon o ang pagpapahina. Ang "malaking balita" ay inilagay sa bungad upang dagling makatawag ng pansin ng mga mambabasa. Sa itaas ng balita ay may nakalaan nang pitak para sa klitse o larawan.









Nang malinis na at maisaayos ang molde ay kinunan na ng "mat" upang tiradahin sa rotatiba. Ang may kalabuan ay inuulit upang maging maliwanag ang pagkakalimbag.



At sa wakas, taglay na ng mga nalilimbag na "Bagong Buhay" ang "malaking balita." Sa bawa't oras ay puu-puung libong sipi ang "iniluluwa" ng rotatibang iyan na lalong kilala sa pangalang "Goss Rotary Press."




At nang sumikat ang araw kinaumagahan, ang "malaking balita" na naganap nang sinundang hapon ay binabasa na ng mga tao sa loob at labas ng tahanan. Ito ang ulo ng "malaking balita" na may kasama pang larawan (paniwalaan-dili nguni't siyang katotohanan): "Elbularyong Nabunlunan ng Butong-pakwan, Nangisay at Namatay".

# *Batiin ang romansa!*

**Magkamit ng malambot, makinis na kutis sa inyong unang pastilya ng Camay!**



**"Higit na hinahangaan ng kalalakihan ang kutis-Camay . . . kaya't Camay ang aking sabon ukol sa kagandahan!" ani Rosa Rosal**




***Sa Inyong Unang Pastilya Ng Camay***— kayo man ay mapapansin, hahangaan . . . dahil sa inyong higit na kaibig-ibig na kutis-Camay. Kayat huwag balamin ang inyong tipanan sa kagandahan. Simulan ngayong gumamit ng kasiya-siyang mabangong Camay. Ang romansa ay lalapit sa inyo.




***Camay Pa Rin Sa Inyong Paliligo!*** Paggamit ninyo ng Camay sa paliligo tingnan kung gaano katagal kayo nababalot ng nakabibighaning halimuyak nito . . . mahinhing halimuyak na naka-aakit sa kalalakihan.

**A N G S A B O N N G K A G A N D A H A N**

Kasuutan — Kay Aurelia    Alahas — Kay R. Rebullida, Inc.    Si Rosa Rosal ay itinatampok sa "Prinsipe Amante sa Rubitania" ng LVN Pictures

## Alam Ba Ninyo?




ANG "RODEO" ANG KAHULUGAN SA KASTILA AY PAGPAPAIKOT) AY ISANG PAGTATANGHAL SA MADLA NG MGA MAPANGANIB NA PAGSAKAY SA MABANGIS NA KABAYO AT IBA PANG TULAD NITO NA GINAGAWA NANG PAIKOT SA ISANG PALARUAN O TANGHALAN. ANG "RODEO" AY KINAGIGILIWAN SA KANLURANG AMERIKA.

*ART LARSEN style championship tennis shoes*



Ang lahat ng maikling palabas o pagtatanghal ay hinahatulan sa bilang ng maririkit na bahagi o tagpo na mapapanood ng madla. Ganyan din naman, ang pagpili ng pinakamabuting sapatos na goma ay naaayon sa hinihinging mga kabaguhan ng isang ganap na sapin sa paa — mga tanging kabaguhan —na taglay ng bawa't pares. At sa bagay na iyan ay tiyak na hahanapin ninyo ang JACINTO: ang pinakamakabagong sapatos na goma sa kapuluan.

**MALAMIG NA PANG-ITAAS • MALAMBOT NA PANG-ILALIM**

**MGA TANGING LASO NG SAPATOS • DOBLE SUELAS**

**TANGING DISENYO**

Jacinto
RUBBER & PLASTICS CO., INC.


# Mga Balita Sa Larawan...



**Nang manumpa sa Pangulong Quirino si Heneral Calixto Duque, bagong puno ng Hukbong pilipino, na siyang hinirang na kahalili ni Heneral Mariano Castañeda. Makikita sa gitna si Gng. Calixto Duque at ang iba pang sumaksi sa mahalagang pagkakataon. (Larawang kuha ng Hukbong Pilipino.)**



**Ang unang pulong kamakailan sa Manila Hotel ng pambansang lupon tagapagpaganap ukol sa pagdaraos ng "Linggo ng Kaunlaran ng Pilipinas" bilang tugon sa panawagan ng Pangulong Quirino na ipagdiwang ang ika-limang anibersaryo ng pagsasarili sa pamamagitan ng isang linggong paggunita sa mabilis na iniunlad ng Pilipinas sa loob ng ilang taon. Makikita sa larawan sina Kalihim Carlos P. Romulo, tagapangulo ng lupon, Hukom Arsenio Roldan, naging Kalihim Prudencio Langcauon, Senadora Geronima T. Pecson, Albino Sycip, Gabriel Daza, Modesto Farolan, at iba pang nagsisibuo ng lupon.**



Ang larawan sa itaas ay isang katunayan ng lubos na pagtulong ng madla sa kilusan ng Krus na Pula ukol sa pag-iimbak ng sariwang dugo. Hindi lamang sa Luson nagiging matagumpay ang kilusang ito kundi sa lahat ng panig ng kapuluan. Makikita si Fernando Cuenca, pangulo ng Lions Club sa lunsod ng Iloilo, na nanguna sa kanyang mga kasama at sa maraming kababayang nagsipag-abuloy ng dugo kamakailan sa Banko ng Dugo ng Krus [illegible] Pula. [illegible] nagmamasid si Gng. Pilar Hidalgo Lim at ang iba pang [illegible] ng Krus Roha (PNRC).

Kuwento ni LIGAYA O. MUYOT

# HINANAKIT



**DAHIL SA MAKAMANDAG NA LIHAM NA NATAGPUAN NI OFELIA, SIYA'Y NAGSIMPAN NG HINANAKIT SA ASAWA — HINANAKIT NA NAGING SANHI NG KANYANG MAAGANG KAMATAYAN**

*Pinakamamahal kong Remy, Nababalitaan ko sa hipag mong si Mameng na gusto mo akong makausap tungkol sa aking nalathalang kuwento na diumano'y naglalarawán ng isang nakalipas na kahapon. Huwag mong damdamin ang doo'y nasasaad sapagka't nagawá ko lamáng ang gayon upang maibsán nang bahagyá ang paghihirap ng aking kalooban dahil sa sinapit ng ating kapalaran.*

*Remy, hindi naman lingid sa iyong kaalaman na ako'y hindi maligaya sa piling ng aking asawa. Oo nga't siya ay isang tanyag na manunulat, nguni't siyá ay pangit na siyang dahilan kung bakit hindi ko siya maisama sa pamamasyal, panonood ng sine at pagdalo sa iba't ibang pagtitipon. Alam mo, Remy, ang nais kong makasama ay isáng katulad mo na ang kariktán ay mááaring sambahin.*

*Sa bawa't sandali, wala akong ginugunita kundi ang iyong kagandahan, Remy, bagama't ikaw ay may pananagután na rin sa buhay. Kung nakapapanood ako ng mga pelikulang ang pangunahing tauháng babae ay nakakahawig mo, hindi ako nasisiyahan sa isang panonood. Nais kong kahi't sa pamamagitan niyon ay magduyan sa galak ang aking namimighating puso. Patawarin mo ako, Remy, sa ginawa kong pagsulat na ito. Sinamantala ko ang ganitong pagkakataon samantalang si Celis ay wala at nasa Okinawa.*

*Ang dati mong si,*
*PEPE*

Ilang patak na luhá ang nagunahang naglandas sa magkabiláng pisngi ni Ofelia. Dali-daling ibinalik ang sulat sa bulsa ng pantalon ni Pepe sapagka't nakarinig siya ng mga yabag na papanhik. Napaupo na lamang sa isang likmuan at hinagod ang dibdib. Hindi nga nagkabula ang hinala ni Ofelia sapagka't buhat sa pintuan ay nakita niya ang kanyang asawa, si Pepe.

—May nakalimutan ako, — bungad ng lalaki.

Hindi kumibo si Ofelia. Nagpatuloy nang paghagod sa kanyang dibdib samantalang si Pepe ay nagtungo sa kinalalagyan ng kanyang pantalon at may kinuha. Pagkatapos ay pinagmasdan ang nakaupong si Ofelia, at:

—Aalis na ako.

—Uuwi ka ba nang maaga mamaya? — tanong ni Ofelia.

—Hindi ko matiyak. May lakad kami ng Kumpareng Santos.

Isang malalim na buntong-hininga na lamang ang isinukli ni Ofelia sa sinabing iyon ng asawá.

Hatinggabi na nang dumating si Pepe. Mainit pa ang ulo nang tanungin ni Ofelia kung saan nanggaling. Hindi man lamang pinansin ang pagdaing ni Ofelia na nagsisikip noon ang dibdib. Hindi man lamang pinagukulan ng panahon ang babaing naghihintay sa kanya...

Kinabukasan.

Samantalang nag-aagahán ang dalawa, pinukaw ni Pepe ang kaniláng katahimikan.

—Alam mo, Ofelia, naasenso ako. Simula sa isang buwan, ay tataasan ng P20.00 ang sueldo ko.

Napansin ni Pepe na kumislap at nagliwanag ang mga mata ng asawa, kasabay ang:

—Totoo ba, Pepe? Salamat sa Diyos. — At napatingala.

—O, siya, dali-daliin natin ang pagkain at tatanghaliin ako. — At si Pepe ay nagmadali nang pagkain.

Pagkatapos makapag-agahan, dali-daling nagbihis si Pepe. Napuna niyang mamata-mata sa kanya si Ofelia. Hindi naglipat-sandali, ito ay lumapit sa kanya, at:

—Pepe, hindi ka kaya makauuwi nang maaga mamaya? Alam mo, nasasabik akong makita kang dumarating nang...

Hindi na naipagpatuloy ni Ofelia ang sasabihin sapagka't hinadlangan na ni Pepe.

—Talaga bang wala ka nang masasabi sa akin, kundi ang pag-uwi nang maaga? — Nakasimangot na wika ni Pepe.

—Huwag ka sanang magagalit, Pepe. Pabayaan mo't hindi ko na kailanman babanggitin ang tungkol doon.

Pagkasabi ni Ofelia nang gayon, dali-dali nang tumalikod si Pepe nguni't pamuling hinabol ng babae.

—Pepe, may hihilingin sana ako sa iyo.

**(Buklatin sa pahina 13)**



# NANG MAGDAAN ANG DALUYONG



## MGA ULAT AT KURUKURO UKOL SA DIGMAAN SA PILIPINAS

*Sinulat ni Faustino Aguilar*

(KARUGTONG)

### BANAL NA GAWAIN

Ganap nang isang buwan ang nakararaan mula noong ang kasarinlan ay ipagkaloob sa Pilipinas ng mga hapon. At ang mga pagbabagong hinintay-hintay at inasahan ng bayan, na sukat mangyari alang-alang sa kasarinlan, ay hindi masalat saan mang dako. Sa loob ng isang buwang nakalipas, ang pakikialam ng mga pulis ng Hukbong Hapon sa kalayaan at kapanatagan ng mamamayan ay nagpatuloy; at walang sagabal na naisagawa, saan man nila inibig at kung kailan nila inibig, ang pagtipon at pagkukulong sa mga mamamayan, na sa gayong pagkahamak ng kanilang katayuan, na hindi naman mapakialaman ng mga pinunong pilipino, ay lalong nakapag-aakala, na ang kasarinlan, sa kamay ng mga hapon, ay isang tunay na laruan.

Sinasabing ang sanhi ng lahat ay ang pananatili pa sa pagmamatigas ng mga mamamayan sa hindi pagtulong sa Hapon, sapagka't marami pa rin ang nagtatago ng mga sandata at lalo namang marami ang sabik na naghihintay ng pagbabalik ng mga dating kaibigan. Ganyan ang naipagtapat sa akin ng kasalukuyang kinatawan ngayon ng Kabite na si G. Tirona, sa isang kainang handog kay G. Rafael Corpus ng Lupong Tagapayo sa Paggawa na kanyang kinabilangan at ginawa sa Jai-Alai, dahil sa pagkakalagay niyang kagawad ng Sangguniang Pambansa. Ang ganyang pangangatuwiran ay sa isang pinakamataas na puno ng Hukbong dagat ng Hapon niya narinig noong pagtangkaang kulungin ang mga taga-Kawit nito lamang buwan ng Oktubre, na tapos nang ipagkaloob ang kasarinlan. Iyan na ring di-sasala ang sanhi at dahilan ng mga pagkukulong na ginagawa sa iba't ibang dako, na sa mga bulungbulungan na lamang nababatid sapagka't hindi naman ibinabalita ng mga pahayagan o talaga nilang hindi maibalita, dahil sa may nagbabawal.

Ang lalong ikinapapatangi ng nakaraang isang buwang pagsasarili, ay ang napakatuling pagkataas ng halaga ng kinakain. Ang bigas ay nagkakahalaga na ng P112.00 ang isang kaban; ang palay ay kulang na lamang sa P50.00 ang isang kaban; ang mga pang-ulam ay tinitingala na sa pagkataas ng halaga at pati ng gulay ay nagkapakpak na ring mataas na ang lipad. Sari-sari nang mga utos ang pinairal ng Alkalde ng Malaking Maynila upang mapababa ang mga halaga; ang katatayo pa lamang na Kapulungang-Bayan ay naglagay pa ng isang lupong sadyang magsisiyasat kung bakit napakataas na ang halaga ng mga pagkain; ang mga konstable ay nandadakip na ng mga nagtitindang nararapatan sa pagpapataas ng halaga; ang mga hukuman ay nagpaparusa sa mga napapasakdal sa ganitong kasalanan; nguni't ang maliwanag na katotohanang bumubulaga sa lahat ay ang pagiging ginto ng pagkain dahil sa halagang araw-araw ay nagbabago, ng pataas hindi pababa

Sa balisang naghahari sa kalooban ng mamamayan dahil sa ganitong nangyayari, ay nagpapalala ang pagpapatuloy ng mga hapon sa pakikialam tungkol sa mga pagkain. Gayong sinasabi sa hayagan, na dahil sa naipagkaloob nang kasarinlan, ang pakikialam nilang dati ay hindi na gagawin at lubusang ibibigay ang kapangyarihan sa mga pilipino, ay nakikialam pa rin sila. Pakikialam na hindi pamamagitan lamang, kundi pag-uutos at pagpapatupad ng kanilang ibig na mangyari. Halimbawa sa Naric. Sa mga pahayagan ay napalathala pa ang ginawang pagsasalin ng lubos na kapangyarihan sa pamamahagi ng bigas, nagkaroon pa ng pagpapasalamatan ang mga aalis at ang mangaliwanan tungkol sa pagtutulungan ng nagdaang mga araw na sila'y magkakasama sa pagpapalakad ng Narc; nguni't wala pang isang linggo ang nakalilipas ay napabalita nang ang mga bagong kahilingan ng mga dating hindi kumukuha ng bigas, na hindi nagsisikuha noong una sapagka't may napagdadaigsunan at upang huwag namang makahigpit sa ibang lalong nangangailangan, na ngayon ay nagsisihingi na dahil sa gipit na katayuang kinasusubuan nila; ay hindi maipagkaloob ng Naric, kahi't nasa matwid ang pagbibigay, dahil sa utos na galing sa itaas. Sino ang nag-uutos na ito at ano ang sanhi? Iyan ang hiwaga, ang kabalintunaang hindi maiirip, matangi na lamang kung tatanggapin nang walang pagtatalo... na ganyang talaga ang bunga at ibubunga pa ng kasarinlang yari sa Hapon.

Isang kahilingang may kinalaman sa nangyayaring ito sa Naric, ang inilalagay ko ngayon upang lalong lumiwanag ang ibig kong isalaysay.

Purok ng Balintawak
Nobyembre 8, 1943

Marangal na Pangulo ng Republika
G. Jose P. Laurel

Karangal-dangalan:

Taglay po ang malaking panggalang at buong pagpapasintabi, na kaming mga taga-Bungad, Purok ng Balintawak, Malaking Maynila, na nangakalagda sa kasulatang ito, ay dumudulog sa inyo at nagsasalaysay ng sumusunod:

Na, dahil sa napabalitang panibagong kaluwagang ipinagkaloob sa mamamayang hindi dating kumukuha ng bigas NARIC, kami ay nagkaisang magharap ng karampatang kahilingan upang makakuha ng bigas at ang kahilingan ay naiharap sa mga kinauukulan noong Oktubre ng taong ito.

Na, dahil sa ilang mga paliwanag at pagtutuwid na hiningi sa amin ng NARIC, ang kahilinga'y hindi agad napagtibay, bagama't noong magtatapos ang Oktubreng nakaraan ay tumanggap kami ng balitang mabibigyan na kami, nguni't sa buwang ito na ng Nobyembre.

Na, dumating ang buwang aming hinihintay at ang aming

# Sumikat Ang BUWAN

Kuwento ni GIDELFIA S. JAMILANO

**ITINAKWIL SIYA NG KANYANG AMA AT SIYA'Y NAGING ISANG PALABOY NG TADHANA... NGUNI'T DUMATING DIN ANG SANDALI NG KANYANG LUWALHATI!**

MALALIM na ang gabi'y lihim pang nag-uusap sina Aida at Pentong sa tabi ng punong sampalok. Noon lamang nararanasan ni Aida ang pinakamapait na dagok ng kalungkutan.

—Talagang hindi ko yata matitiis, Pentong, ang ikaw ay malayo sa akin, —wika niyang tumatangis.

—Nguni't kailangang tiisin natin ang lahat, Aida. Nasa pagtitiis ang tagumpay. Apat na taon lamang tayong magkakalayo. At, sa pagbabalik ko'y magiging maligaya na tayo, —ang aliw naman ni Pentong.

At papaano ang gagawin ko, Pentong, kung malaman ni ama ako'y... —ang sasabihin niya'y dinugtungan nanaman ng mga hikbi.

—Na ikaw ay ano, Aida? —ang agaw ni Pentong.

—Na ako'y nagdadalang-tao na? Sino ang magtatanggol sa akin kung ako'y parusahan ni ama? Sino ang mahihingan ko ng tulong kung ikaw ay nasa malayo? Sino ang dadamay sa akin?

Hindi nakatugon si Pentong. Ilang sandaling naghari ang katahimikang binabasag lamang ng mga impit na hikbi ni Aida. Siya ang may kasalanan ng lahat. Nagunita niya ang pangyayari noong magtagpo sila ni Aida sa tabi ng sapa may dalawang buwan na ang nakalilipas. Sa kabila ng mahigpit na pagtutol ni Aida ay nasimsim din niya ang bango nito sa pamamagitan ng mga pangungusap na nakararahuyo.

—Ang mabuti'y sabihin mo na lamang sa iyong ama ang buong katotohanan. At ipagtapat mong makatapos lamang ako ng pag-aaral ay pakakasal na tayo! —ang sabi niya.

—Nguni't Pentong, hindi sapat kay ama ang pagtatapat lamang ng katotohanan. Alam mo na naman siya. Sa mula't mula pa'y mahigpit na ang pagtutol niya sa pag-iisang dibdib natin. Noon pa man ay binabalaan na niya ako! Gaano pa kaya ngayong...

—Papaano nga ba ang mabuting gawin? —nagugulumihanang usisa ni Pentong nang mahalatang hindi mabigyang-kasiyahan ang kanyang kasintahan.

—Ang lalong mabuti, Pentong, ay pakasal muna tayo bago ka tumungo sa Maynila, —mungkahi ni Aida na kumislap ang mga matang napatingin sa kausap.

—Nguni't papaano tayong makakasal ngayon?

—Magtanan tayo, Pentong, kahi't ngayong gabi!

—Hindi nga maaari ang ganyan, Aida, sapagka't kapag ako'y nag-asawa ay hindi na ako papag-aaralin ni ama. Patutulungin na lamang ako sa bukid!

Muling nangibabaw ang katahimikang manakanakang pinupunit ng pag-iyak ni Aida.

—Sige na, Aida, pumayag ka na, —pamayamaya'y turing ni Pentong. —Ibig kong bago tayo magkalayo ay nagkakaunawaan tayo!

—Diyos ko, tulungan Mo po ako, —naghihinagpis na sambit ni Aida, at tuluyan nang napayupyop sa dibdib ni Pentong. — Ang nakaliligalig sa akin ay ang halaman ng pag-ibig na tumutubo na sa sinapupunan ko. At hindi naman maaaring hindi niya matalos pagdating ng araw...

Hanggang sa magkahiwalay sila ay wala silang tiyak na napagkasunduan. Hindi nasabi ni Aida na siya'y sumasang-ayon na sa pagtungo ni Pentong sa Maynila kinabukasan. Hindi naman pumayag si Pentong na ipagpaliban ang kanyang pag-alis.

Kinabukasan nga ay nabalitaan na lamang ni Aida na maagang-maaga pa'y lumuwas na si Pentong.

Noong mga unang araw pagkaraang makaalis si Pentong ay halos ilugmok si Aida ng masidhing pangungulila. Tinutukso siya ng maliligayang araw ng pagtatalik na sadyang nagbabalik sa kanyang gunita. Halos hindi niya mapaglabanan ang kalungkutang dumarampi sa kanyang puso, at kung anuanong nakakikilabot na hakbangin tuloy ang kanyang naiisip.

Samantala'y patuloy sa pagyabong ang halaman ng pagibig sa sinapupunan ni Aida. Kaya't ang bawa't araw na magdaan ay nag-iiwan ng ibayong ligalig sa kanyang puso. Laging naiisip niya ang pagdating ng araw ng pagtutuos nilang magama.

Pagkalipas nga ng dalawang buwan ay naino na ni Mang Terong ang mapait na lihim na unti-unting ibinubunyag ng pangangatawan ni Aida.

Isang gabi, bago matulog ay nagkausap nang masinsinan ang mag-ama.

—Magtapat ka sa akin, Aida. Mayroon kang inililihim! —tuwirang wika ni Mang Terong.

—Wala po akong inililihim sa inyo, itay! Ano ang aking ililihim? —kunwa'y pagkakaila ni Aida.

Madaling inilabas ni Mang Terong ang isang liham ni Pentong na sinadya niyang buksan.

—Wala kang inililihim? Ano, kung gayon, ang ibig sabihin ng liham na ito? —nagagalit na usig ng matanda.

Hindi na nakakibo si Aida. Nahihiyang napayuko na lamang siya hanggang sa tuluyang tumulo ang kanyang luha.

—Ano, bakit hindi ka kumibo? Bakit hindi ka magpaliwanag kung totoong ikaw ay... —lalong lumakas ang tinig ni Mang Terong.

—Opo, itay, may lihim nga akong iniingatan! —halos pabulong na sukli ni Aida. —Hindi ko na ikakaila sapagka't ako'y nananalig na dadamayan ninyo ako! Ako po'y... —nguni't ang sasabihin niya ay pinutol na naman ng mga hikbing pigilin man ay kusang namumulas.

—Ikaw ay ano?

—Ako po'y nagdadalang-tao na!

Sumiklab ang poot ni Mang Terong at hindi namamalaya'y nasampal niya si Aida. Muntik nang mapatihaya ito sa lakas ng sampal.

—Itay, patawarin ninyo ako! Patawarin ninyo ako! —pagmamakaawa ni Aida.

—Patawarin kita? Ikaw na nagbibigay ng kahihiyan sa akin?

—Nguni't itay, si Pentong po'y nangakong babalik din. At

sa pagbabalik niya ay saka kami pakakasal!

—Huwag ka nang mangatwiran, Aida. Hindi ka ba nahihiya sa mga tao sa nangyaring iyan sa iyo? Kung nakikinig ka sa akin ay hindi mo sasapitin ang ganyan! At, Aida, yamang hindi mo pinakinggan ang mga payo ko, ang mabuti'y maghiwalay na tayo! Hala, ngayon din ay balutin mo ang mga damit mo at lumayas ka! Lumayas ka!

—Itay, maawa na sana kayo sa akin! Nangangako po naman si Pentong na siya'y...

Nguni't isang mariing sampal na naman ang pumutol sa sasabihin ni Aida.

Upang madali ang pag-alis ni Aida ay si Mang Terong na rin ang pagbalot ng mga damit nito at pagkatapos ay inilagay ang balutan sa tabi ng hagdan.

—Hala, makapapanaog ka na. At, tandaan mo, Aida, huwag ka nang babalik kailan man! Hindi ko kailangan ang anak na matigas ang ulo at nagbibigay ng kahihiyan sa kanyang magulang!

—Ngunit, itay, saan po ninyo ako patutunguhin? — lumuluhang tanong ni Aida.

—Bakit ako ang tatanungin mo? Ikaw ang bahala kung saan mo ibig tumungo!

Nang hindi pa tumitinag si Aida ay tumayo si Mang Terong, sinabunutan siya at kinaladkad sa tabi ng hagdan.

—Sige, panaog na at baka lamang mapatay kita! Ano pa ang hinihintay mo?

Hindi napalambot ng pagmamakaawa ni Aida ang matigas na kalooban ni Mang Terong. Nang gabi ring yaon ay pilit na ipinagtabuyan siya. Kaya't hawak ang kanyang balutan, si Aida ay luhaang nanaog sa kanilang tahanan at sinagasa ang madilim na gabi.

Kinabukasan ay kabilang na si Aida sa libu-libong naglipana sa mga lansangan ng Maynila. Naisip niyang hanapin si Pentong. Nguni't saan? Hindi niya alam kung saang pamantasan nag-aaral ito. Mula nang ito'y umalis ay isang sulat lamang ang naipadala sa kanya at si Mang Terong pa ang nakatanggap.

Upang huwag maubos ang baong kaunting salapi ay napilitan si Aida na pumasok na tagabalot ng sigarilyo sa isang pabrika ng tabako. Isang munting silid ang kanyang inupahan.

—Nguni't bakit hindi ninyo kasama ang inyong mister? — puna ng isang kapitbahay ni Aida.

—A, ang mister ko ho ay kasalukuyang nakadestino sa Bisaya. Babalik ho siya pagkaraan ng ilang taon! —ang naitugon na lamang niya.

Pagkalipas ng ilang buwan ay isinilang na ni Aida ang isang sanggol na babae. Lalong naging masikhay siya sa gawain upang maitaguyod lamang ang kanyang bunsong si Mercy.

Sa ganitong paraan nakalipas ang apat na taon sa buhay ng mag-ina.

Isang hapon ay naratnan ni Aida na maraming taong nagkakatipon sa tapat ng kanyang silid. At nang usisain niya kung ano ang nangyari ay nabatid niyang nasagasaan ng isang taksi si Mercy.

Madaling nagtungo si Aida sa pagamutan upang alamin ang napagsapit ng kanyang bunso. Isang nars ang sumalubong sa kanya.

—Nasa silid na iyan ang inyong hinahanap na bata, — ang wika ng nars.

Pagpasok niya sa silid na itinuro ng nars ay natanawan niya si Mercy na kinakausap ng isang lalaking nakatalikod. Marahang lumapit siya. Nang makita siya ni Mercy ay umiyak na ito at nagsumbong: — Inay... inay ginasaan ako! Masakit ang tuhod ko!

Halos mawalat ang dibdib ni Aida. Napabilis ang paglapit niya. Nguni't nang lingunin siya ng lalaki ay gayon na lamang ang kanyang pagkamangha.

—Aida, diyata't ikaw? —tanong ng lalaki.

—Oo, Pentong, ako nga. Nguni't bakit ka narito?

—Ako ang sakay ng taksing nakasagasa sa kanya, —nalulungkot na saad ni Pentong.— Dinalaw ko lamang siya at dinalhan ng pagkain at laruan.

—Napaano ka, anak? Ano ang nangyari sa iyo? Alin ang masakit? —sunud-sunod na tanong ni Aida nang mapabaling kay Mercy.

—Wala naman, Aida. Nagasgas lamang ang tuhod. Ang akala ko rin ay kung napaano na! Sabi ng nars ay makalalabas din siya mamaya, —sabad ni Pentong.

—Mabuti na lamang... — at napabuntong-hininga si Aida.

—Tayka muna, Aida. Bakit tinawag ka ng "nanay" ng batang ito kangina? Nag-asawa ka na ba? —nananabik na tanong ni Pentong.

—Hindi mo ba siya nakikilala? Hindi mo na ba naaalalang ako'y nagdadalang-tao nang tayo'y magkalayo? Siya ang naging anak ko! Siya ay anak natin!

—O, Aida! —nagagalak na sambit ni Pentong. Napangko niya si Mercy at napupog ng malinit na halik ng pagmamahal.

Ipinagtapat ni Pentong na makailan na siyang sumulat kay Aida magbuhat nang lumuwas siya sa lunsod, nguni't wala siyang tinatanggap na katugunan. Isang kakilala ang nakapagbalita sa kanya na si Aida'y pinalayas ng ama nito at hindi malaman kung saan ipinadpad ng kapalaran. Hinanap niya ang kasintahan, nguni't lumipas ang apat na taon ay hindi niya matagpuan. Salamat sa pangyayaring naganap at sila'y muling nagkalapit. Hindi pa rin nagbabago ang pag-ibig ni Pentong, katulad ng di nagmamaliw na pag-ibig ni Aida sa lalaking pinagsanglaan ng kanyang puso't pagmamahal.

Lulan ng isang kotseng sadyang inupahan, silang tatlo ay magkakasamang umuwi sa lalawigan nang gabing yaon.

—Nay, nay, tingnan mo ang buwan... ang ganda... —ang wika ni Mercy.

—Akala ko'y hindi na sisikat ang buwang iyan, —ang sukli naman ni Pentong at tinapunan ng makahulugang titig si Aida. Kinurot lamang siya ni Aida sa bisig... (X)


**Gamitin ang inyong landas sa himpapawid . . .**



Lumipad sa pamamagitan ng **PAL**



For Business For Pleasure

Ang pagsakay sa PAL ay nangangahulugan ng mabilis na paglalakbay... na may malaking panahon para sa pangangalakal o sa paglilibang. Kasiyasiyang paglilingkod na laging nakalaan para sa mga naglalakbay—pinakamainam at ganap na mapagtitiwalaan saanman sa daigdig.

42 na paglipad araw-araw sa buong Pilipinas.

Gawin ang inyong pagpapalaan sa pinakamalapit na tanggapan ng PAL.

**PHILIPPINE AIR LINES**

Route of the Orient Star

**Kuwento ni ANTONIO ABLAZA**

# Ang BINABAE



**SI GRETA AY ISANG BINABAE NA LIHIM NA UMIIBIG SA ISANG BINATA... KUNG SAAN HUMANTONG ANG KANYANG KAPALARAN AY SIYANG MATUTUNGHAYAN SA KUWENTONG ITO**

BAKLA!... Bakla!... Bakla!

Nilingon ni Greta ang pinagmumulan ng matitinis na tinig. Nakita niya ang ilang batang nagkakatipun-tipon sa may tindahan ng insik at siya ang sinusundan ng tingin.

—Bakla!... Bakla!... Bakla!

Hindi na pinansin ni Greta ang mga musmos na iyong patuloy na nanunukso. Araw-araw halos ay gayun nang gayon ang nangyayari. Sa tuwing mapaparaan siya sa umpukan ng mga kabataan ay lagi na siyang pinauulanan ng tukso at ng kung anu-anong masasakit na biro. Hirati na siya sa gayon. Bantad na ang kanyang katauhan.

Nagpatuloy si Greta ng paglakad na nakatungo ang ulo. Hanggang sa unti-unting maglaho sa kanyang pandinig ang mga tinig na iyong may kasaliw na halakhak.

Nang hapong iyon ay patungo si Greta sa tahanan nina Doming, ang binatang malaon nang may pitak sa kanyang puso. Malimit siyang magtungo kina Doming pagka't nagiging kasiyahan na niyang makaniig ang binata. Kapag sila'y nagkukuwentuhan ni Doming ay sarisaring paksa ang nagiging palipasan nila ng mga sandali. Kung minsan ay ukol sa mga napapanood nilang sine... sa lakad ng kabuhayan magbuhat nang umiral ang "import control"... sa takbo ng mga pangyayari sa kabilang ibayo ng dagat... at sa kung anu-ano pang kung minsan ay nauuwi sa mga bagay na may kaugnayan sa suliranin ng puso.

Sa mga pagpunta-punta ni Greta kina Doming ay mabuti naman ang pagtanggap na iniuukol sa kanya ng binata. Paano'y ipinalalagay ni Doming na si Greta ay isa lamang mabuting kaibigan. Hindi natatalos ng binata na si Greta ay may lihim na saloobing iniuukol sa kanya; isang damdaming may kulay ng pag-ibig, danga't isang pag-ibig na di maisilay at maipadama, sapagka't si Greta ay isa ring lalaki.

Malayo pa si Greta ay natanaw na ang binata. Nakaupo iyon sa tabi ng durungawan at nagbabasa ng pahayagan. Nang mapatingin sa labas ng durungawan at mamataan siya ay nangiti at siya'y kinawayan.

—Ditong talaga ang tungo ko, Doming, —wika ni Greta nang salubungin siya sa may pinto at itanong kung saan ang kanyang tungo. —May ginagawa ka yata, baka makaabala 'ko.

—Hindi, nagbabasa lang ako ng diyaryo, Greta, —sagot ni Doming. —Halika, tuloy ka at magbidahan tayo.

Pamayamaya'y masayang nagkukuwentuhan na nga ang dalawa sa may tabi rin ng durungawan. Natatawa si Greta kung may mga katatawanang sinasabi si Doming at nanlalaki ang mga mata kung may mga kagilagilalas na bagay na ibinabalita ang kaibigan.

Lihim sa kaalaman ni Doming, sa kaibuturan ng puso ni Greta ay may subyang na nakatimo. Paano'y habang napagmamasdan ni Greta ang buong kapaanyuan ng kaibigang binata ay lalo namang nagtutumiim sa kanyang sarili ang pag-ibig na malaon nang gumigiyagis sa kanyang katauhan. Sa tingin ni Greta ay anong gandang lalaki ni Doming! Naisasaloob niyang makapiling lamang niya ang binata sa habang panahon ay wala na siyang hihilingin sa Lumikha. Nais niyang huwag nang mawalay kay Doming sa habang buhay Nguni't paano? Mangyayari kaya ang gayon? Siya'y isa ring lalaki, at di mangyayaring magkabuklod ang kanilang mga puso upang hindi na magkawalay kailanman. At iyan ang nagiging sanhi ng mga kalungkutan at lihim na pagdurusa ni Greta. Siya'y isang sawimpalad na linikha...!

—Greta, maiba ako ng sasabihin... —sa pagkukuwentuhan nila ay nawika ni Doming. —May kaibigan akong napatulong sa akin sa pagbibili ng tiket sa sayawan. Tulungan mo nga ako at marami ka namang kaibigan, maaari ba?

—Oo, iyon lang pala. — Taimtim sa loob ang pagsang-ayon ni Greta, na sinabayan pa ng ngiti.

Tapat sa kanyang sinabi, tinulungan nga ni Greta si Doming sa pagbibili ng mga tiket. Bumili pa si Greta ng isa para sa kanya.

Nang dumating ang gabi ng sayawan, ay gayon na lamang ang panggigilalas ni Doming. Hindi halos niya nakilala si Greta pagka't magandang-maganda ang pagkakaayos ng kinulot na buhok, nakabestida nang magara at may palaman pa ang dibdib.

—Greta, bakit ganyan ka? Hindi ka ba nahihiya niyan... kalalaki mong tao? —Napahalakhak si Doming, bagaman ang kanyang sinabi'y may himig ng isang nagpapayong kapatid.

—E, ano? Talagang ganito kami kung dumalo sa sayawan, —sagot ni Greta. —Bakit, halata bang hindi ako "genuine"?

—Hindi nga, pero ang sinasabi ko'y kahiyahiya kung may makakita sa iyo na kakilala mo. Baka sabihin na lang na...

—Basta, basta, basta! Pupunta ako sa sayawan nang ganito! Huwag mo sana akong pagbawalan, Doming. Ito man lang ang maging pinakapabuya mo sa akin sa pagkakapagbili ko ng mga tiket, — may katigasan ang pangungusap ni Greta 'bagama't parang may himig din ng pakikiusap.

At napilitan si Doming na magsawalang-kibo na lamang. Dumalo sila sa sayawan na kasama ng ilang kakilalang nangapagbilhan ng tiket ni Greta. May kasamang kapareha si Doming, si Dely, ang dalagang nagbigay sa kanya ng mga tiket.

Nang gabing iyon ay napuna ni Doming ang mapanglaw na kaanyuan ni Greta. Sa tuwing isasayaw niya si Dely ay malungkot na pinagmamasdan sila nito. Walang nakikipagsayaw kay Greta, maliban sa ilang binatang pawang kaibigan na nakababatid ng tunay na kalagayan nito. Isinasayaw si Greta bilang pakikisama at pagbibigay lamang.

Nang tumugtog ang orkesta ng isang marikit na tugtugin, kinawayan ni Greta si Doming. Sa pag-aakalang may sasabihin lamang ang kaibigan, ay madaling lumapit naman ang binata. Nguni't nang sabihin ni Greta ang kanyang nais ay hindi malaman ni Doming kung ano ang kanyang gagawin.

—Sigi na naman, Doming... isayaw mo lang ako nang minsan, —ulit na wika ni Greta sa tinig na parang nakikiusap.

Hindi malaman ni Doming kung bakit bagaman tumututol ang kanyang sarili, ay nasumpungan na lamang niyang siya'y nakikipagsayaw kay Greta, bilang pagpapaunlak sa kahilingan nito. At hindi rin niya madalumat kung bakit habang sila'y nagsasayaw ay walang patid ang pagbubuntong-hininga

# LINGGUHANG ULAT SA KABUHAYAN

ni D. R. IÑIGO

Sa unang tatlong buwan ng kasalukuyang taon, ang Philippine Air Lines ay nagkamit ng malinis na pakinabang na P582,422 sa paglilingkod sa lo-ob at labas ng bansa, inihayag ni Koronel Andres Soriano, pangulo ng PAL, sa isang "statement" na ipinagkaloob sa mga pahayagan. Sa loob ng ganyan ding panahon ng nakalipas na taon, ang samahan ay nalugi ng P308,431.

Sa loob ng panahong iniuulat, ang PAL ay nakapagsakay ng 100,125 pasahero at 1,984,611 kilo ng kargamento samantalang



*Kor. Andres Soriano*

81,379 pasahero at 1,739,831 kilo ng kargamento ang pinangasiwaan sa unang tatlong buwan noong 1950.

Ang walang kahambing na rekord na ito ay bunga ng mabisang palatuntunan sa pagbibili at sa malaking pagtitipid na pinairal ng pangasiwaan, gayon din sa pagtitiwala ng mga naglalakbay sa paglilingkod ng PAL, ani Soriano.

---

Ang American Biscuit Company, isang bahay-kalakal noong bago magkadigma, ay bubuksan uli sa Baklaran, Palanyag, Rizal. Ang samahan na pinamumuhunanan ng mga Pilipino at Amerikano ay pinamumunuan ni Paul Malone.

Ang samahan na gumagawa ng mga biskuit, pepsin, 'cracker,' emparadados at mga iba pa ay bantog na nooṅg bago sumiklab ang ikalawang digmaang pandaigdig.

Ang pangalawang pangulong tagapagpaganap at tagapamahalang pangkalahatan ay si Rafael Arcega. Ang una munang gagawin ay pepsin.

Ang pamunuan ng korporasyon ay ito: Paul Malone, pangulo at tagaingat-yaman; Rafael Arcega, pangalawang pangulo at Gng. Alicia O. Arcega, kalihim.

---

Umaabot sa sampung libong piso ang ipamamahaging gantimpala sa mga huwarang magsasaka sa mga kapatagan ng Allah at Koronadal. Ang pamamahagi ng mga premyo upang mapasigla ang mga kolono sa pagpapaunlad ng mga pamamaraan sa pagsasaka ay inihayag sa Buayan, Kotabato, ni Salvador Araneta, Tagapag-ugnay ng Kabuhayan.

Kasama ni Araneta ang isang pangkat ng mga pinuno ng pamahalaan, ang mga bumubuo sa lupong patnugutan ng Lasadeco at ilang peryodista sa pagsusuri sa mga sakahang bayan sa Mindanaw.

---

Ang Rodriguez Mills and Hatchery Company ay magbubukas ng kanyang planta sa hindi malalaunan sa lansangan ng Marikina sa malapit sa Kampo Murphy. Pinamumuhunanan ng 200,000, ang samahan ay gagawa ng mga patuka na ang uri at ang taglay na bitamina ay isasailalim ng pagsusuri ng kanyang laboratoryo. Binabalak na ipakilala rito ang "agronomycin" sa mga patuka upang matiyak ang paglaki at kalusugan ng mga manok.

---

Siyam na samahan at korporasyon dito na may puhunan na umaabot sa ₱1,200,000 ang nagharap ng kahilingan upang matangi sa pagbabayad ng mga buwis sa matuwid na sila'y mga industriang bago at kinakailangan, sa ilalim ng mga tadhana ng batas blg. 35 ng republika.

Ang mga samahang humihiling na matangi sa pagbabayad ng buwis ay mula sa gumagawa ng kagamitan sa tanggapan, sa paaralan at sa elektrisidad, gamot sa pagmamanukan, patuka, kasangkapan, gamit sa mga laro at mga pangangailangan sa mga tahanan na gaya ng kalan, repriheradora, gawaan ng yelo at palamigan ng tubig, mga taguan sa kusina, kutsara, kutsilyo at tenidor.

Kabilang sa mga nagharap ng kahilingan ang National Shipyards and Steel Corporation, Ysmael Steel Manufacturing Company, Pan Philippine Corporation at Marcelo Tire and Rubber Corporation na sinasabing may puhunang ₱6 na angaw, ang ikalawa ay ₱2 angaw, ang ikatlo ay ₱1.2 angaw at ang ikaapat ay P1 angaw at siyang may mga pinakamalaking kapital. Ang Super Electrical Service & Supply at ang Nui Hian Electrical Supply ay siyang may pinakamaliit na puhunan na ₱100,000 ang una at ₱100,630.50 ang ikalawa.

---

Inilipat ni Salvador Araneta, tagapag-ugnay ng kabuhayan, kay Pangalawang Kalihim Saturnino Mendinueto ng Kalakal ang panukala sa mga mangangalakal na magbili ng kapeng inaani sa Pilipinas na kasama ng mga inangkat upang mapasigla ang pagtatanim ng kape.

Gaya ng iminungkahi, ang persentahe ng kape ritong isasama sa inangkat ay babaitang, magsisimula sa 10 porsiento sa unang taon at hanggang 90 porsiento sa ika-anim na taon. Ang pagdaragdag taon-taon ay ito: 10 sa unang taon; 20 sa ikalawa, 30 sa ikatlo, 40 sa ikaapat, 75 sa ikalima at 90 sa ika-anim.



*Salvador Araneta*

Ipinatalastas kay Araneta na ang pagpapairal sa panukala ay isang tiyak na pampasagana sa inaaning kape sapagka't sa pamamagitan nito ay tinitiyak sa magkakape na laging may bibili sa kanilang produkto. Ang halaga ng kape ay bubuti at ang mabubuting halaga ay pampasigla sa mga magbubukid, ayon sa paliwanag.

---

Ang alok ni Filemon C. Rodriguez, tagapamahalang pangkalahatan ng National Power Corporation, sa Manila Electric Company na pagtutustos pa ng koryenteng magbubuhat sa nayari kamakailan na planta sa Ilog Lumot ay tinanggap, nahiwatigan sa mga lipunang lubhang nakatatalos.

Gayunman, may balakid tungkol sa halaga ng bawa't kilowat na babayaran sa National Power Corporation.

Sa pagkayari ng planta sa Lumot, ang NPC ay nasa kalagayan ngayon upang magtustos pa sa Meralco ng elektrisidad na ipinamamahagi sa Maynila at sa mga bayang kanugnog nito, na ngayon ay kulang sa tinurang lakas dahil sa pagkakaalis sa lumulutang na plantang *Empedance*.

---

Mula sa New York ay ibinalita ng United Press na inihayag ni Alexander Guterma, pangulo ng American Ramie and Kenaf Corporation, na itinataguyod sa Pilipinas ang pagtatanim ng kenaf na pamalit sa yute.

Ang samahan ni Guterma ay siyang nagtutustos sa mga magbubukid sa Pilipinas ng kagamitan upang mahimaymay ang kenaf. Ito ay siya ring kasangguni sa taniman.

Kanyang ibinunyag na ihahanda sa buwang darating ang pagtatanim sa Pilipinas ng mula sa 2,000 hanggang 3,000 akre ng kenaf, idinugtong na noong Marso ay 125 akre ang binalak.

---

Ang mga agrimensor ay nagtatag ng samahan upang makatulong sa pagsasakatuparan sa palatuntunan sa paghahati-hati sa mga lupang bayan na itinatagubilin ng ulat ni Bell.

Ang mga sumusunod ay siyang nahalal na mga pinuno: Sixto Tenmatay, pangulo; Jose Suguitan, pinunong agrimensor ng kawanihan ng lupain; tagaingat-yaman; Felipe Cruz, kalihim; Hermogenes Aquino, M. Joaquin, J. Purisima at H. Fernando, mga kagawad ng lupong patnugutan.

## Ang Binabae

(Karugtong ng nasa pahina 13)

walan na si Greta ng pagkakataong makaniig nang malimit ang lalaking panginoon ng kanyang puso. Nababalitaan ni Greta na si Doming ay madalas sa tahanan nina Dely at doon nagpapalumagak. Kung minsa'y namamasyal sa Luneta ang dalawa, kung minsan ay sa sine at sa kung saan-saan pang pook na aliwan. Kung bakit nakakasama ni Doming nang nag-iisa si Dely ay siyang hindi maipaliwanag sa sarili ni Greta, bagama't may kutob ang kanyang loob na marahil ay magkasintahan na ang dalawa.

Nang mandi'y hindi na mapaglabanan ni Greta ang lihim na pagdurusa ng kanyang naninibughong puso, isang hapo'y lihim na sinundan at sinubukan niya si Doming nang manaog ito ng tahanan. Nakita niyang nagtungo ang binata sa tahanan nina Dely, at makalipas ang ilang sandali ay magkasama nang nanaog ang dalawa at sumakay sa taksi.

Tumawag rin ng sasakyan si Greta at pinasundan sina Doming, hanggang sa makarating sila sa Luneta. Kitang-kita ni Greta na masayang lumunsad ang dalawa, at magkakawing ang mga bisig na namasyal sa tabing dagat. Pagkatapos ay magkapiling na naupo sa isang malaking tipak na bato at pinanood ang magandang tanawin ng noo'y papalubog nang araw.

Sa ayos na iyon ng dalawa ay namulat si Greta sa isang di maikakailang katotohanan: Sina Doming at Dely ay magkasintahan at mayroon nang pagkakaunawaan.

At sa kaunaunahang pagkakataon ay pumatak ang luha ni Greta. Noon niya minsan pang nadama ang hapdi ng kasiphayuang itinadhana sa kanya ng Maykapal. Kung hindi siya naging isang binabae, kaipala'y hindi niya daranasin ang gayong mga pagdurusa ng isang pusong walang laya sa pag-ibig. Kaipala'y maligaya rin siyang katulad ni Doming... o ni Dely!

Mapanglaw na umuwi si Greta sa sariling tahanan. Nguni't nang nag-iisa na siya sa kanyang silid, ay sarisaring mga pangitain ang nagsasalimbayan sa kanyang diwa. Naroong parang nakikita niyang sina Doming at Dely ay nakaluhod sa harap ng dambana at pinagbubuklod, samantalang siya'y nasa isang sulok ng simbahan at lumuluhang sumasaksi sa mapalad na pagbubuhol ng dalawang puso. Naroong parang nakikita niya na sina Doming at Dely ay maligayang nag-uulayaw sa isang ta-[illegible] na [illegible], sa piling ng mga bunsong kadluan ng aliw ng magsinggiliw, samantalang siya'y nag-iisang lumuluha sa loob ng madilim na silid ng isang pagamutang kinahantungan ng kanyang sawing-palad na katawan...

At sa mga pangitaing iyon ay halos mapasigaw si Greta. Hindi yata niya mababatang maging isang katotohanan ang alinman sa mga pangitaing yaon. Siya'y may puso at damdaming babae, at kung matupad ang gayon ay hindi matitiis ng kanyang pusong tapat na umiibig sa binatang simula at wakas ng kanyang mga kaligayahan.

Nagningning ang mga mata ni Greta. Napasuntok ang mga kamay, at mariing naibulong sa sarili: —Hindi! Hindi ko matutulutang si Doming ay matungo sa ibang pagmamahal. Kung sadyang hindi siya maaaring maging akin, hindi rin naman siya maááring angkinin ng iba. Iniibig ko siya, at gagawin ko ang lahat upang ang aking pag-ibig ay magtamo ng kasiyahan...!

Kung ano ang tunay na binabalak ni Greta ay walang nakababatid. Siya lamang ang tanging nakatatalos ng ganap na katuturan ng mga pangungusap na yaon.

**TATAPUSIN**


# Magpalamig... Dagdagan ng Sigla ang Oras

**Ang mabuting pagtanggap ay lubhang madali, lubhang kasiyasiya**





# 10¢

MAY PAHINTULOT MAGSABOTELYA

San Miguel Brewery

# Panlinggong PALAISIPAN ng BAGONG BUHAY



**PAHALANG**


1. Damong kumakapit sa bato
6. Angaw
8. Siil
13. Tatak ng panlinis ng ngipin
14. Walang magulang
15. Nabugnot
17. Alisan ng balat
19. Pulbura ng dinamita
20. Bulalas sa kapampangan
21. Unang babae
22. Habi (kinaltas ang huling titik)
23. Liksi
25. Buwan ng tatlong hari
26. Pamanggit sa marami
27. Sambitlain
29. Iwi (huling pantig)
30. Ipagkaloob bilang pagsuko
31. Unti-unting pumapatak
33. Kabayong pangarera
37. Impakto
40. ...Orange (inuming pampalamig)
41. Damdaming makatao
42. Salaping pilipino
44. Senador na Liberal
46. Kutob
49. Hamak
50. Bayad
51. Pangalang babae
53. Katuwang ng ina
54. Walang ingay
56. Isang salapi
58. Matibay na himaymay
59. Bahagyang patak ng ulan
60. Bihasa
61. Kataga
62. Diyosa ng buwan

**PABABA**

1. Uod sa tubigan
2. Para
3. Magpakatuwa
4. Maramihang pagsisiyasat ng hapon (kinaltas ang unang titik)
5. Mga ulat
6. Malakas ang tunog
7. Palasyo at simbahan sa Roma
8. Kayamanan ng makata
9. Unyong pandaigdig ng mga manggagawa (pantitik)
10. Bantog na autor at makatang ingles
11. Isubi
12. Panagot sa hiniram
16. Ire
18. Labi ng sinunog
24. Pangal (huling pantig)
26. Pangalang intsik
28. Purok ng pahatiran sa larangan sa Korea
29. Pagkukubli ng katotohanan
30. Liping itim
32. Santo (iniklian)
34. Hagisan
35. Aklat (huling pantig)
36. Tinggalin
37. Sagisag ng karangalan
38. Sugat
39. Insektong may bahay na hibla
42. Walang pinapanalo
43. Dakong paanan
44. Kawawa
45. Gapas
47. Tenista blg. 1 ng Pilipinas
48. Lumakad nang una
50. Sawa
52. Pangalang moro
55. Pang-abay ng petsa
57. Walang palad (kinaltas ang huling titik)

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

## Sagot sa Nakaraan




**TEOTICO CLINIC**
URINARY DISTURBANCES
GENERAL SURGERY
X-RAY SERVICES

7-9 A.M. / 2-3 P.M. — No. 2 Tanduay, Quiapo

10-12 A.M. / 4-7 P.M. — Calvo Bldg., Escolta







## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Mayo 27

1. Bb. Emilia W. Lat—Malvar, Batangas
2. Pedro Tolentino—Schluter Ricemill, Bongabon, Mindoro Oc.
3. Antonio Flores—55 Int. 8, Abenida Rizal, Sta. Cruz, Maynila
4. Teofilo Galman—95 Sandejas, Pasay City
5. Gng. Nene Villareman—San Jose, Nueva Ecija

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panlinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 929 Lepanto, Sampalok, Maynila.

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng PALAISIPAN ay hindi pahahalagahan. • Ang mga nanalo na sa PALAISIPAN na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas magbuhat nang malathala ang mga pangalan ay hindi maaaring papanaluning muli.)

## Hinanakit

(Karugtong ng nasa pah. 13)

hita ako sa iyo. Magbuhat ngayon, uuwi na ako nang maaga sapagka't . . .

Hindi na nakuhang ipagpatuloy ni Pepe ang iba pang sasabihin sapagka't napansin niyang kakaiba ang kulay ng kabiyak ng puso.

—Ofelia, ano ang ibig sabihin nito? Berta, — tawag sa utusan, — halika, madali...

Nang pumasok ang utusan, isang sulat ang iniabot kay Pepe.

—Ipinabibigay ito sa inyo ni Aling Ofelia.

Nananabik na tinunghan ni Pepe ang nilalaman ng sulat.

Ganito ang nasasaad:

*Mahal kong asawa:*

*Sadyang malupit sa akin ang tadhana. Talagang ako ay hindi para sa magulong daigdig na ito. Nakalaan ang aking buhay sa payapang tahimik na siyang paraisong walang kahulilip. Kung maaari lamang ay dugtungan ko ang aking hininga upang minsan pang hintayin ka subali't ako ay dagli nang tinawag upang ikaw ay tuluyan nang lisanin. Gayunman, mahal ko, huwag kang mag-alala. Itanim mo sa iyong isip na sa lahat ng sandali, wala akong inuusal sa aking pag-iisa kung hindi ang iyong pangalan. Mahal ka sa akin, Pepe. Dahil sa pagmamahal na iyon, ako ay nagtiis at nagbata, makita ko lamang na ikaw ay maligaya...*

*Ang tangi kong hinihiling sa iyo, mahal ko, ay isang bagay na inaakala kong napakagaán upang gawin mo. Kung ikaw ay wala nang ginagawa at payapa na ang lahat sa paligid, alalahanin mo ako sa pamamagitan ng isang dasal na patungkol sa aking kaluluwa. Sukat ang gayon upang mapawing lahat ang aking mga hinanakit na tumimo sa kaibuturan ng aking puso.*

*Tanggapin mo ang aking mainit na halik.*

*Paalam,*
*OFELIA*

Napahagulgol nang iyak si Pepe. Napayupyop siya sa malamig nang katawan ng babaing labis na nagmahal sa kanya. Sa balintataw ng mga mata ay parang kidlat na gumuhit ang larawan ni Ofelia, sumasamo, nagmamakaawa...

—Ofelia. — ani Pepe, — patawarin mo ako. Ngayon ko nalamang ikaw ang may kagagawan upang mataas ang aking suweldo sa upisina. Hindi ka rin nagpabaya sa ating kabuhayan. Ipinagtipon mo ako ng salapi, subali't napakahuli na nang mabatid ko ang lahat. Hindi kita maipagpapalit, Ofelia, kaninumang babae, laluna kay Remy na dahil sa kanyang kagandahan ay natutuhang pagtaksilan ang asawang malayo sa kanyang piling. Ngayon ko natalos na sa isang lalaking nais mabuhay nang tahimik, hindi kailangan ang isang magandang asawa. Ikaw ay hindi nagtataglay ng isang pambihirang kariktan nguni't busilak naman ang iyong kalooban!

Upang matiyak ni Pepe kung ano ang ikinamatay ng asawa, ipinasuri niya ito sa manggagamot. Nabatid niyang si Ofelia ay may malaking puso na sa malabis na pagdaramdam ay naging dahilan ng kamatayan.

Nang mga sandaling iyon, naalaala niya ang sulat na ihuhulog na lamang para kay Remy. Tinitiyak niyang nabasa iyon ni Ofelia na siyang malabis na ipinagdamdam nito. Noon din, dinukot sa bulsa ang nasabing sulat at sinindihan sa harap ng bangkay ng asawa.

At, nang maging abo ang sulat na naging dahilan nang maagang pagyao ni Ofelia, para niyang nakita ang mukha ng kabiyak.

—Ofelia, hindi ko malilimot ang kahuli-hulihang halik na ikinintal mo sa aking pisngi. Ang iyong pagyao ay nagbigay ng mahalagang aral sa aking buhay. Pawiin mo na, mahal ko, ang iyong hinanakit sapagka't ako'y magbabagong buhay na upang ikaw ay madulutan ng kaligayahan kahi't man lamang sa kabilang buhay (X)






*"Ano, lalaban ka pa... ha?"*



*"Malasin mo, irog, ang luntiang bukirin..."*




*"Pagdamutan mo raw sanang tanggapin ang bulaklak na ito ng 'Everlasting' na sagisag ng kanyang walang kamatayang pag-ibig..."*


Eternit

ASBESTOS-CEMENT SHEETS

Anay
Leak
Rust
Rot
PROOF



Ang mga "Eternit sheets" ay matipid, malamig, hindi tinatablan ng apoy at nagtatagal, sapagka't hindi nalulusaw.

Nababatid iyan ng inyong arkitekto o kontratista. Tanungin ninyo siya.

Eternit CORPORATION

AGENTS:

THEO. H. DAVIES & CO., FAR EAST, LTD.
AYALA BLDG. MANILA

AMON TRADING CORPORATION
BONIFACIO DRIVE. PORT AREA MANILA


## "Talisman"

Kasaysayan ng isang dalagang igorota na natutong umibig sa isang binatang binyagan... Kung anu-anong mga pangyayari ang namagitan sa kanilang dalawa ay siyang inilalarawan ng marikit na pelikulang iyan ng LVN na isinaputing-tabing sa pamamahala ni Enrique Jarlego. Ang mga tagpo sa panooring ito ay halos kuhang lahat sa Bagyo. Ang karamihan sa mga ekstrang lumabas ay mga tunay na igorot at ang mga sayaw at tanawing mapapanood ay mga katutubong pilipino. Sa pagsasapelikula ng "TALISMAN" ay naghandog ng lubos na tulong ang mga magmimina at mga pinuno ng Balatok Mines, gayundin si Rogelio de la Rosa, na ipinagmagandang-loob ang kanyang malaking rantso sa malapit sa Irisan upang gamitin sa ilang mahahalagang tagpo. Ang "TALISMAN" ay isang natatanging pelikula ng taon na hindi malilimot ng madla!




# Pagbabalik sa Paaralan

Habang ang mga mahal na bunso ay masayang patungo sa paaralan sa pagbubukas ng mga klase, ang bawa't magulang ay nagtatamo ng kasiyahan at bagong kasiglahán — nagmamalaki sa alaalang ang munting si Pepot o si Nene ay nasa ganap nang gulang ngayon upang mag-aral. Araw-araw mula ngayon, magkakaroon ng mga bago't bagong sorpresa, bagong kaligayahan, bagong mga kapanabikan, habang si Pepot at si Nena av natututong sumulat, bumasa, at nagsisimulang matuto ng aritmetika.

At mangyari pang magkakaroon din ng mga di maiiwasang isipin — sa panapanahon. Mga isiping kagaya ng: "Makatatapos kaya sila ng hay iskul?" "Si Pepot kaya ay maging isang Doktor, abugado o inhinyero?" "At si Nene, maging ano kaya siya? Isang nars? Mangangalakal?" Hindi ninyo maiiwasan ang ganyang mga isipin. At di rin ninyo maiiwasang umisip na maghanda ng mga kailangan para sa kanilang kinabukasan.

Isang tiyak na paraán upáng maihanda ang kanilang pag-aaral sa kolehiyo, ngayon pa — at ito ang pinakamabuting paraan — av ang ilagak ang inyong naiimpok sa R & D BONDS. Ang mga bonong ito ay pakikinabangan sa loob ng 10 taon at nagbabayad ng 4 na porsiyentong tubo\ tuwing kalahating taon. Ang mga bono av ipinagbibili sa pinakamababang halagang ₱20.00 ang isa — katamtaman para sa inyong kinikita. Ito'y hindi saklaw ng buwis at matatanggap bilang panagot sa mga pagkakautang sa oras ng pangangailangan.

MAG-IMPOK sa parhamagitan ng BONO simula ngayon at hayaan silang lumago na kasabay ng inyong mga anak upang makita silang nagsisipag-aral. Simulang ugaliin ang pag-iimpok sa BONO ngayon!

REHABILITATION AND DEVELOPMENT

BONDS

ANG MGA BONO AY IPINAGBIBILI sa Banko Sentral ng Pilipinas, Banko Nasyonal (sa sangay at tanggapan), National City Bank of N. Y., Bank of America, Philippine Bank of Commerce at Philippine Trust Co.

ANG MGA BONO ay mabibili sa halagang ₱20, ₱50, ₱100, ₱1,000, ₱5,000 at ₱10,000. Sumulat ngayon sa Securities Market Department, Banko Sentral ng Pilipinas, upang magkamit ng WALANG BAYAD NA POLYETO na nagkakaloob sa inyo ng lahat ng paliwanag tungkol sa mga BONO.

ADCRAFT




Makinig sa "Remote Control Broadcast" sa Novena sa "Our Mother of Perpetual Help" sa simbahan ng Baclaran tuwing Miyerkoles mula sa ika-6:00 hanggang 6:30 n g. at mula sa ika-7:00 hanggang ika-7:30 n.g. sa DZPI.